## MGA NAIS MAKAMIT NG PROGRAMA

- Ang kapasidad ng mga magsasaka, mangingisda, at mga *clusters* ay napalakas.
- Ang *economies of scales* at lakas sa pakikipag-negosasyon ay nakamit.
- Ang produkto na pananim at isda, at pakikipag-ugnayan sa kalakalan ay napaunlad.

## PAANO MAGING F2C2 CLUSTER?

1. Organisado at rehistrado sa: *Local Government Unit* (LGU) bilang Barangay *Micro Busines Entity Cooperative Development Authority* (CDA), *Securities and Exchange Commission* (SEC), at *Department Labor and Employment* (DOLE).
2. Hindi bababa sa 75% ng mga miyembro ang nakarehistro sa: *Registry System for Basic Sectors in Agriculture* (RSBSA); at *Municipal Fisherfolk Resgistration* (FISHR).
3. Ang *minimum* na sakop ng produksyon ay:

| | |
|---|---|
| Rice | 100 hectares |
| Corn | 75 hectares |
| High Value Crops | 25 hectares |
| Fruit trees and perrenials | 100 hectares |
| Fiber Crops | 100 hectares |

4. Mga benepisyaryo ng iba pang mga programa o proyekto ng pamahalaan (ConVERGE, RAPID, atpb.)
5. Ang mga hindi pa rin nakakatugon sa mga kinakailangan ay maaaring sumali sa iba pang F2C2 *clusters*.

DEPARTMENT OF AGRICULTURE 1898 REGIONAL FIELD OFFICE CALABARZON

Regional Agriculture and Fisheries Information Section
2024

Lipa Agricultural Research and Experiment Station, Brgy. Marawoy, Lipa City, Batangas

I-follow na ang **DA-Calabarzon**!

https://calabarzon.da.gov.ph/




BAGONG PILIPINAS

DEPARTMENT OF AGRICULTURE 1898 REGIONAL FIELD OFFICE CALABARZON

# F2C2

**Farm and Fisheries Clustering and Consolidation Program**

# ANO ANG F2C2?

Ang **Farm and Fisheries Clustering and Consolidation** (F2C2) ay isang programa na inilunsad sa bisa ng *Administrative Order No. 27, Series of 2020* noong ika-8 ng Agosto, 2020.

Ito ay naglalayon na ipakilala, isulong at suportahan ang *clustering at consolidation* bilang estratehiya sa lahat ng *Banner Programs* at paunlarin ang produksyon at kita ng mga magsasaka at mangingisda.

## MGA LAYUNIN

- Makamit ang *economies of scale* o pagpapababa ng gastusin sa produksyon.
- Magkaroon ng mas matibay na pakikipag-ugnayan sa mga prodyuser at sa merkado.
- Mapabuti ang pakikipagsundo at *market power* sa pamilihan ng mga pangunahing *farm* at *fishery producer*.
- Magkaroon ng matatag at mas maayos na *access* sa pagpapautang at pagpopondo.
- Masigurado ang mas malawak na paggamit ng teknolohiyang pansakahan at pangisdaan, makinang pansakahan, tulong na lohislikal, at pasilidad para sa *post-harvest*.
- Maghikayat ng mas aktibong *"Big Brother-Small Brother"* na pakikipagsosyo at mga *joint venture* sa mga *Farmer Cooperative* at *Association* (FCA).

## PANGUNAHING LAYUNIN

Pagpapalakas at pagpapaunlad ng mga grupo ng magsasaka at mangingisda.



## POKUS NG PROGRAMA

- Pagsasama-sama ng magsasaka at mangingisda sa isang komunidad o katabi pang komunidad.
- Pagkakatulad ng lugar na sakahan o pangisdaan, sistema, mga aktibidad sa produksiyon, at mga produkto.
- Paglulunsad ng mga proyekto at proseso tungo sa mayos na produksyon at *value chain.*
- Pagsasama-sama ng mga magsasaka at mangingisda na may magkakalapit at magkakatulad na *production activities.*
- Naglalayong isulong ang estratehiya ng *clustering* at *consolidation* sa maliliit na mga magsasaka at mangingisda bilang isang negosyo.


## MGA RESULTANG INAASAHAN NG PROGRAMA

Ang *clustering* at *consolidation* ay makikita sa kalakip na *Bureaus* o *Agencies, Banner Programs and Projects*, at *Local Government Units* (LGUs).

- Ang *Cluster Development Plans* (CDPs) na naglalaman ng limang taong plano ng pangangailangan ng mga *cluster* ay napondohan.
- Ang pasilitasyon at ugnayan sa kalakalan ay naitatag.
- Ang pagpapalakas ng kapasidad at suporta ay naisagawa.
- Ang mga *cluster* ay *viable, integrated, community-based*, at *value chain-oriented*.

## MGA PARAAN NG PAGSULONG

### F2C2 RESULTS FRAMEWORK




Ang programang F2C2 na nabuo noong taong 2020 ay patuloy na magsasagawa ng mandato nito hanggang sa susunod na mga taon at susunod sa F2C2 *Framework* upang bigyang kapangyarihan ang magsasaka at mangingisda.